## Asian Intersex Movement

# PAMPUBLIKONG PAHAYAG




Noong ika-8 hanggang 11 ng Pebrero 2018, ang kaunaunahang Intersex Forum, na suportado ng Intersex Human Rights Fund, ay ginanap sa Bangkok Thailand. Sa nasabing forum, ang mga kalahok ay binuo ang Intersex Asia – kauna-unahang rehiyunal na kalipunan ng Asyanong human-rights-based intersex na mga organisasyon at mga aktibistang intersex na nagtatrabaho para sa mga karapatan ng mga taong intersex, mga komunidad at mga kilusan.

Nagtipon-tipon sa Forum ang may 14 na mga taong intersex na kumatawan sa mga organisasyong intersex at mga komunidad mula sa Hong Kong (China), India, Indonesia, Myanmar, Nepal, Pakistan, Philippines, Taiwan, Thailand at Vietnam.

**Layunin ng Intersex Asia ang magtrabaho para sa pagusulong at pagprotekta sa mga karapatang pantao ng mga taong intersex sa Asya, at maging kinatawang boses para sa mga Asyanong intersex, mga komunidad, at siguruhing ang mga karapatan sa buhay, pangkatawang integridad, otonomiyang piskal at sariling pagkakapasiyahan ng mga taong intersex ay naipapalaganap at napoprotektahan saan man.**

***Mahalaga ang pagkakataong ito para sa Asia Intersex Movement dahil isa itong makasaysayang pagkakataon para sa presesnsya at pagkakakilanlan ng mga karapatang pantao ng mga intersex sa Asya.***

Sa kabuuan ng Asya, kulang sa kaalaman tungkol sa intersex na mga isyu ng mga medical na propesyunal ay nagdudulot ng mga di-kinakailangan at di-makataong mga proseso, kasama na rito ang 'pagsasa-normal' na mga pag-oopera at gamutan sa mga sanggol na intersex, kabataan at matatanda.

Dahil ang mga taong intersex ay ipinanganak na may katangiang sekswal (kasama ang ari, gonads, hormones at chromosomes) na hindi naangkop sa tipikal na binaryong pagpapalagay sa panlalaki o pangbabaeng katawan, ang mga bata at matatandang intersex ay madalas naisstigmatise ay napapasailalim sa maraming paglabag sa kanilang mga karapatang pantao, kasama na dito ang karapatang pangkalusugan at integridad sa pangangatawan, na maging malaya sa pananakit o torture at di mabuting pakikitungo, at sa pagkakapantay-pantay at sa kawalan ng diskriminasyon.

Bilang mga taong intersex sa Asya, namumuhay tayo sa isang lipunan na nagpapatuloy ng diskriminasyon, karahasan at pagpatay sa mga taong intersex sa pamamagitan ng maraming mga kultural, relihiyoso, tradisyunal at medical na mga paniniwala at gawain. Kung kaya, kailangan nating suportahan upang maging tagapaghatid ng panlipunan, pulitikal, at lehislatibong pagbabago na nauugnay sa atin.

Ang Intersex Asia ay isang malayang kalipunan at binubuo ng mga pinangungunahan ng mga intersex na mga organisasyon at mga intersex na mga indibidwal mula sa mga bansang Asyano na nagtatrabaho upang magturo at magpalaganap ng kaalaman tungkol sa mga paglabag sa mga karapatang pantao at diskriminasyon na kinakaharap ng mga komunidad na intersex.

Ang Asia Intersex Forum at Intersex Asia ay inaalala din at pinagtitibay ang mga prinsipyo ng Pampublikong Pahayag ng Pangatlong Pandaigdigang Intersex Forum (kilala bilang Malta Declaration), Ang Pahayag Intersex ng Intersex Pre-Conference sa ILGA-Asia 2017, at ang pinalawak na mga hinaing upang wakasan ang diskriminasyon laban sa mga taong intersex, pagpapalaganap at pagprotekta sa karapatang pantao ng mga taong intersex sa Asya at upang siguruhin ang mga karapagtan sa buhay, integridad sa pangangatawan, otonomiyang piskal at sariling pagkakapasiyahan. (Tignan ang Pampublikong Pahayag).

**Bangkok,Thailand**
**11 Februari 2018**

## PREAMBLE

Pinagtitibay namin na ang mga taong intersex people ay tunay, at kami ay namumuhay sa lahat ng rehiyon at lahat ng bansa sa buong mundo, kasama na ang lahat ng bansa sa Asya, Sa gayon, ang mga taong intersex ay kailangang suportahan upang maging tagapaghatid ng panlipunan, pampulitikal, at panglehislatibong mga pagbabago na may kaugnayan sa kanila.

Kami ay mga aktibistang intersex na kumakatawan sa iba-ibang rehiyon sa Asya, nagtatrabahong magkasama upang wakasan ang diskriminasyon at palaganaipn at proteksyunan ang karapatang pantao ng mga taong intersex.

## MGA HINAING

• Na kilalanin ang mga paghihirap at mga inhustisyang nagagawa sa mga taong intersex.

• Na kilalanin na ang seksismo, ang medikalisasyon at stigmatisasyon ng mga taong intersex ay nagreresulta sa malalang trauma at mga pangkalusugang mental na mga problema.

• Na tanggalin ang stigma sa lahat ng mga terminong may kinalaman sa intersex.

• Na kilalanin na ang pagiging intersex ay nauugnay sa biolohikal na katangiang sekswal, at hiwalay sa orientasyong sekswal ay pagkakakilanlang pangkasarian, Ang taong intersex ay maaring heterosekswal, lesbyana, bisekswal o asekswal; at pwedeng kilalanin ang sarili na babae, lalak, pareho o wala sa alinman.

• Na wakasan ang 'mutilating' at ang 'pagsasanormal' na mga gawain gaya ng pag oopera sa ari, pisyolohikal at iba pang interbensyong-medikal sa pamamagitan ng lehislatibo at iba pang pamamaraan. Ang mga taong intersex ay kailangang bigyang kalakasan upang makapagdesisyon ng sarili sa mga nakakaapekto sa kanilang sariling integridad sa pangangatawan, awtonomiyang pisikal at sariling pagkakapasiyahan.

• Na wakasan ang preimplantation genetic diagnosis, pre-natal screening at interventions, at selective abortion ng mga intersex na foetuses.

• Na wakasan ang di-tamang gawaing medical at mga protocol, kasama na ang pagbibigay ng gamot para sa pagpipili ni kasarian mga interbensyong medical sa mga fetuses at mga bagong panganak na mga sanggol na resulta ng kawalan ng kaalaman tungkol sa mga taong intersex at intersex variations.

• Na wakasan ang walang pagpapayag na sterilization ng mga taong intersex.

• Na ma-depathologise ang variations sa katangiang sekswal sa mga medical practices, guidelines, protocols at klasipikasyon gaya ng International Classification of Diseases ng World Health Organisation.

• Na maisama ang nakabase sa karapatang pantaong edukasyong intersex sa antenatal counseling at suporta.

• Na wakasan ang infanticide, pag aabandona at honor killings ng mga taong intersex.

• Na wakasan ang gawaing pag-oopera upang 'maisanormal' ang mga batang lalaking intersex bilang kundisyon sa pagmamana.

• Na siguruhing ang karapayang magmana ng mga taong intersex ay hindi pinagkakait sa kanila sa kondisyon ng pagiging baog.

• Na siguruhing ang mga organisasyong intersex at mga intersex peer support groups ay kinikilala, pinagyayaman, at pinagtitibay.

• Na protektahan ang mga taong intersex laban sa diskriminasyon sa pamamagitan ng pagdagdag ng katangiang sekswal sa mga batas kontra diskriminasyon at siguruhing maprotektahan laban sa diskriminasyong inter-seksyunal.

• Na proteksyunan ang mga taong intersex sa mga batas na patungkol sa karahasang sekswal at harassment.

• Na siguruhin ang proteksyong legal at suporta para sa mga taong intersex na may kapansanan.

• Na kilalanin ang mga intersex na refugees ay nangangailangan ng proteksyon labnan sa diskriminasyon at karampatang tulong na psychosocial.

• Na masiguro ang pantay at walang diskriminasyon na proteksyong legal para sa mga taong intersex sa mga batas sa pagpapakasal at pagaampon.

• Na proteksyunan ang mga taong intersex laban sa diskriminasyon sa trabaho.

• Na makagawa at matulungan ang isang mapagkalinga, ligtas at mapagbunying kapaligiran para sa mga taong intersex, kanilang mga pamilya at palibot.

• Na magbigay ng edukasyong nakabase sa karapatang pantao upang mapagtibay at mapalakas ang mga taong intersex at kanilang mga pamilya.

• Na suportahan ang mga taong intersex at kanilang mga pamilya na makapag-ugnayan at makapagtatag ng mga komunidad na intersex.

• Na masigurong ang mga taong intersex ay may karapatan sa buong impormasyon at hawak sa kanilang sariling medical records at history.

• Na proteksyunan ang karapatan ng mga taong intersex sa kanilang pagkapribado habang nakikipag-ugnayan sa mga sibil at panlipunang mga institusyon kagaya ng mga ospital, pang-edukasyon at panggobyernong mga institusyon.

• Na masiguro ang pagbibigay ng lahat ng mga karapatang pantao at karapatan sa pagiging mamamayan sa mga taong intersex.

• Sa pagsisisguro sa integridad pangkatawan at kabutihang lagay ng mga taong intersex, kailangang magkaroon ng autonomous non-pathologising

psycho-social at peer support para sa mga taong intersex sa kabuuan ng kanilang buhay (bilang sariling pangangailangan), pati na sa kanilang mga magulang at/o taga pagpangalaga.

• Na masiguro na lahat ng propesyunal at tagabigay ng pagpapangalagang kalusugan na may kaukulang papel sa kabutihang kalagayan ng mga taong intersex ay mabigyan ng sapat na pagsasanay sa pagbigay ng dekalidad na serbisyo para sa mga ito.

• Na mabigyan ng naaabot at naaayon na pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa pisikal at mental na kalusugang pangangailangan at isyu ng mga taong intersex.

• Na marehistro ang mga batang intersex bilang lalaki o babae, na may kaalaman, na gaya ng lahat ng tao, maaari silang lumaki at kilalanin ang sarili sa ibang kasarian o gender.

• Na masiguro na ang pagklasipika sa kasarian o gender ay napapalitan sa pamamagitan ng simpleng administratibong pamamaraan sa rekwes na rin ng taong kinauukulan. Lahat ng matanda at mga menor de edad na may kapasidad ay dapat nakakapamili sa pagiging babae, lalaki, non-binary o multiple options. Sa hinaharap, kagaya ng sa rasa o relihiyon, ang kasarian o gender ay hindi dapat kategorya sa birth certificates o alin mang dokumentong pagkakakilanlan para kaninuman.

• Na masiguro na lahat ng mahalagang kasamahan na may kaukulang papel sa kabutihang kalagayan ng taong intersex gaya ng, ngunit di limitado sa tagapagbigay serbisyong pangkalusugan, magulang at mga propesyunal na nagtratrabaho sa larangan ng edukasyon, kasama na din ang lipunan sa pangkalahatan, ay mabigyang kaalaman sa isyu ng intersex na may perspektibong pangkarapatang pantao.

• Na wakasan ang mga sex verification tests na lumalabag sa mismong pagkakapribado at dignidad ng isang taong intersex, at siguruhing nakakalahok sila sa mga pampalakasan, sa lahat ng lebel, nang naaayon sa kanilang legal na kasarian. Ang mga atletang intersex na ipinahiya at tinanggalan ng kanilang mga titulo ay dapat makatanggap ng pagpapanauli at pagpapanumbalik ng titulo.

• Na magkaroon ng pagpapalawak ng kaalaman sa mga isyung intersex at ang mga karapatang pantao ng mga taong intersex sa komunidad at sa lipunan sa pangkalahatan.

• Na mabigayan ng komprehensibong edukasyong pangsekswalidad na naglalakip ng mga pagtutukoy sa mga taong intersex at mga karanasan, pati na rin ang edukasyong nakabase sa karapatang pantaong pang intersex sa lahat ng antas ng edukasyon.

• Na magbigay ng sapat na pagkilala sa mga paghihirap at inhustisya na idinulot sa mga intersex na mga tao sa nakaraan, at magbigay ng karampatang pagpapanauli, pagpapanumbalik, pagkakamit ng hustisya at karapatan sa katotohanan.

**Sa nailatag na sa taas, nananawagan ang Asian Intersex Movement sa:**

• Mga internasyonal, rehiyunal at nasyonal na mga institusyong pangkarapatang pantao na kaharapin at bigyang pagsasakaalaman ng mga isyu ng intersex sa kanilang mga gawain.

• Mga gobyernong nasyunal na harapin ang mga isyung nilatag ng Asian Intersex Movement at gumawa nga karampatang mga solusyon na may direktang pakikipagtulungan ng mga kinatawang intersex at mga organisasyon.

• Mga gobyernong nasyunal na itigil ang nakapasasamang mga gawaing kultural, kagaya ng infanticide at honor killings ng mga taong intersex.

• Mga ahensya sa Media na siguraduhin ang mga karapatan sa pagkakapribado, dignidad, wasto at etikal na representasyon ng mga taong intersex.

• Mga lider ng komunidad na sumabak sa edkasyong intersex upang mabura ang mga misconceptions at stigma na nakapalibot sa mga taong intersex.

• Mga funders na makipag-ugnayan sa mga organisasyong intersex at suportahan sila sa kanilang laban para sa pagkilala, pagpapatibay, pagpapatatag at pagbubuo at pagdadagdag sa kanilang kaalaman at pagkilala sa kanilang mga karapatang pantao.

• Mga organisasyong pangkarapatang pantao na mag ambag sa pagtutulay sa mga organisasyong intersex at bumo ng basehan ng suporta at makabuluhang pakikipagugnayan. Ito ay dapat gawin sa ngalan ng pakikiisa at wala dapat gawing kasangkapan lamang ang mga isyu ng intersex sa kung ano mang kadahilanan at kapakinabanganang iba at pansarili.

**Sa karagdagang impormasyon, makipagugnayan sa:** Hiker Chiu – Taiwan (bahasa Cina dan Inggris): hiker@oii.tw; Gopi Shankar Madurai – India (bahasa Inggris, Tamil, Malayalam dan Hindi): br.gopishankar@gmail.com, +918610539702, +919092282369, @gopishankarmdu; Nada Chaiyajit – Thailand (bahasa Thai dan Inggris): nada.chaiyajit@gmail.com; Small Luk – Hong Kong, China (bahasa Cina, Kanton, dan Inggris): ivysmall@ymail.com, +85251996331; Esan Regmi – Nepal (bahasa Nepal dan Inggris): esanregmi@gmail.com, +977 9861336738

**Pahayag Pagkilala at Pasasalamat sa Filipino:** Ang Unang Asian Intersex Statement Translation Project ay inisyatibo ng Intersex Asia, at inisponsor ng RFSL. Ang Intersex Asia ay nais magpasalamat kina Jeff B. Cagandahan, Co-founder ng Intersex Philippines, Ryan Silverio, Regional Coordinator ng ASEAN SOGIE Caucus, at Mr. Marcel L. Milliam, JD, isang human rights, LGBTQIA at HIV advocate at activist para sa kanilang suporta sa pagsasalin ay rebyu sa mga terminolohiya.

Produced by: intersex Asia

Allies: OII-Chinese

Our Sponsors: RFSL, Astraea Lesbian Foundation for Justice, mama cash